# Office of the Treasurer & Tax Collector

José Cisneros, Ingat-yaman

Traducciones disponibles en línea en sftreasurer.org

可通過sftreasurer.org在線獲取翻譯

Magagamit ang mga pagsasalin online sa sftreasurer.org

## Magbayad Online ng mga Buwis sa Ari-arian

Ang pagbabayad online ang pinakaligtas at pinakamaginhawang paraan para bayaran ang iyong mga buwis sa ari-arian at hinihikayat ka naming gamitin ang opsyong ito. **Pumunta sa sftreasurer.org** para secure na magbayad gamit ang eCheck (walang singil), Credit Card, Debit Card, o ACH. Kung kailangan mong magbayad sa personal, bukas na sa publiko ang aming mga tanggapan sa City Hall.

## Timeline ng Buwis sa Ari-arian ng San Francisco

**Hulyo**

Magpapadala ang tagatasa ng Notice of Assessed Value (Abiso sa Sinuring Halaga) sa mga nagbabayad ng buwis. May higit pang impormasyon sa **sfassessor.org.**

**Setyembre**

Inaaprubahan ng Lupon ng Mga Superbisor ang mga rate ng buwis sa ari-arian.

**Nobyembre 1**

Dapat nakatanggap na ng singil sa buwis sa ari-arian ang lahat ng nagbabayad ng buwis.* May higit pang impormasyon sa **sftreasurer.org.**

**Disyembre 10**

Huling araw para sa pagbabayad ng unang hulog.

**Abril 10**

Huling araw para sa pagbabayad ng ikalawang hulog.

*Maaaring maglabas ng mga escape (pagwawasto sa halaga) o karagdagang singil sa buwis na dagdag sa taunang singil sa buwis dahil sa pagbabago ng may-ari o bagong konstruksiyon.

## Binabayaran mo ba ang iyong mga buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng iyong pagbabayad ng mortgage?

Kung binabayaran mo ang iyong mga buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng iyong pagbabayad ng mortgage at wala kang nakikitang mensahe tungkol dito sa iyong bill, narito ang ilang hakbang na magagawa mo ngayon para tiyaking ang nagpapautang (mortgage lender) o nagbibigay ng serbisyo sa mortgage (mortgage servicer) ay nagbabayad sa tamang oras sa iyong ngalan:

- Tingnan ang pinakabagong mortgage statement para kumpirmahin na ang mga buwis sa ari-arian ay naka-withhold
- Makipag-ugnayan sa iyong nagpapautang o nagbibigay ng serbisyo para kumpirmahin na ire-remit nila ang mga buwis sa iyong ngalan

## Pinapanatiling Ligtas at Malusog ng mga Buwis sa Ari-arian ang ating Lungsod

Umabot ang kabuuan ng kita sa buwis sa ari-arian ng SF sa higit sa $3 bilyon noong nakaraang taon at bumuo ito sa humigit-kumulang 25% ng kitang nakolekta ng lungsod. Ngayon, higit kailanman, ay umaasa ang Lungsod sa iyong mga buwis para pondohan ang mahahalagang serbisyo gaya ng pampublikong kalusugan, transportasyon, serbisyo ng bumbero, at mga parke at libangan.

Mayroon ding ilang parcel tax (buwis sa parsela o bahagi ng lupa) na ipinasa ng mga botante sa mga nakaraang taon na sumusuporta sa SF Unified School District at City College of SF sa pagkakaloob ng mga modernong pasilidad at de-kalidad na edukasyon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga parcel tax, bisitahin ang **sfusd.edu** o **ccsf.edu** at hanapin ang **parcel tax (buwis sa parsela)**.

## Kailangan ng Tulong?

Nakipagtulungan ang aming tanggapan sa 311 para makapagbigay ng serbisyo sa customer sa lahat ng residente at negosyo sa San Francisco. Isumite ang iyong tanong sa pamamagitan ng pagpunta sa **sftreasurer.org/help-center** o pagtawag sa **311** sa loob ng San Francisco.

# Alamin ang Tungkol sa Mga Programa ng Tulong sa Buwis sa Ari-arian!

## Mga Pagbubukod para sa Senior Citizen ng SFUSD

Sa loob ng nakaraang dekada, inaprubahan ng mga mamamayan ng San Francisco ang mga hakbang upang magbigay ng pondo sa SF Unified School District. Lahat ng mga hakbang na ito ay naglalaman ng pagbubukod para sa mga senior citizen na nakatira sa ari-arian kung natutugunan nila ang mga partikular na pamantayan. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa **(415) 355 -2203 www.sfusd.edu/seniorexemption** o pumunta sa.

**Mangyaring Tandaan:** Ang mga parselang nakatanggap ng pagbubukod noong 2020-2021 AT patuloy na natutugunan ang mga pamantayan sa kwalipikasyon ay awtomatikong mabubukod para sa 2021-2022. Kung nais mong malaman ang iyong status, magpadala ng email sa **SeniorExemptionOffice@sfusd.edu** at isama ang numero ng iyong block at lot at ang pangalan ng senior citizen na naninirahan sa parsela.

## Mga Senior Citizen at Taong may Mga Kapansanan

Pinapayagan ng Property Tax Postponement Program (Programa ng Pagpapaliban ng Buwis sa Ari-arian) ng Tagakontrol ng Estado ang mga may-ari ng tahanan na senior citizen, bulag, o may kapansanan, na ipagpaliban ang pagbabayad ng buwis sa ari-arian para sa kasalukuyang taon kung natutugunan nila ang mga partikular na pamantayan. Available ang mga application para sa 2021-2022 sa Setyembre 2021. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa **www.sco.ca.gov** at hanapin ang **property tax postponement (pagpapaliban ng buwis sa ari-arian)** o tumawag sa **(800) 952-5661**.

# Mga Karagdagang Mapagkukunan Mula sa Aming Tanggapan

## Makipagkilala sa isang Coach sa Pananalapi—Pagtuturo Tungkol sa Wais na Paggamit ng Pera

Inilipat ng aming libre, kumpidensiyal, at one-on-one na pagtuturo sa pananalapi ang lahat ng appointment sa telepono at video. Makakatulong ang Smart Money Coaching (Pagtuturo Tungkol sa Wais na Paggamit ng Pera) sa iyo na mabawasan ang utang, maitatag at mapaganda ang iyong credit score, masimulan o maparami ang iyong ipon, at makapagbukas ng o makalipat sa ligtas at abot-kayang bank account. Pumunta sa **sfgov.org/ofe** at i-click ang **Meet a Financial Coach (Makipagkilala sa isang Coach sa Pananalapi)** o tumawag sa **877-256-0073** para magpaiskedyul ng appointment.

## Mag-ipon para sa Kolehiyo—Kindergarten to College

Ang San Francisco Kindergarten to College (K2C) ay isang programa ng pag-iipon para sa kolehiyo na itinatag ng Office of the Treasurer & Tax Collector (Tanggapan ng Ingat-yaman at Tagapagkolekta ng Buwis) sa pakikipagtulungan sa SF Unified School District.

Awtomatikong nagbubukas ang aming tanggapan ng K2C savings account para sa kolehiyo para sa bawat mag-aaral ng SFUSD na nagsisimula ng kindergarten. Sinisimulan namin ang bawat account nang may $50, at may pagkakataon ang mga pamilya na makatanggap ng mga karagdagang insentibo para sa pag-iipon. Pumunta sa **sfgov.org/ofe** at i-click ang **Save for College (Mag-ipon para sa Kolehiyo)** para alamin pa.

## Maghanap ng Mga Mapagkukunan sa Pananalapi sa COVID-19

Lumikha ang pandemya ng COVID-19 ng krisis sa pananalapi para sa maraming residente. Kung nakakaranas ka o ang iyong pamilya ng pinansiyal na kahirapan, makakahanap ka ng mga mapagkukunan para matulungan ka sa mga loan, mortgage o upa, mga bill sa utilidad, mga multa o singil ng pamahalaan, at pagkolekta ng utang. Para alamin pa, pumunta sa **sfgov.org/ofe** at i-click ang button ng **Financial Resources (Mga sa Mapagkukunan Pananalapi)**.

Office of the Treasurer & Tax Collector
City Hall, Room 140
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
San Francisco, CA 94102
sftreasurer.org